


Listahan para sa ligtas na paglulan at pangangalaga ng kargamento

Manatiling ligtas at masunurin sa mga alituntunin

Ang tama at maayos na paglulan ng kargamento sa trak ay kailangan para sa isang ligtas na biyahe. Mahalaga na ang paglulan ng kargamento ay naaayon sa mga napagtibay na pamantayan, ipinaiiral na batas trapiko, alituntunin sa road

safety at kapakanan ng mga manggagawa. Sa kadahilanang ito, gumawa ang IRU ng listahan ng mga naaakmang tips para sa tama at maayos na paglulan ng kargamento.


Bago maglulan ng kargamento




- ✓ Tiyaking and sasakyang gagamitin, hangga't maaari, ay naaangkop sa kargamentong isasakay.



- ✓ Tiyakin na ang lagayan ng kargamento at ang katawan ng sasakyan ay malinis, nasa mabuting kundisyon, at walang mga depekto.




- ✓ Alamin ang pinakaangkop na kasangkapang panglulan na nauukol para sa kargamento.



- ✓ Alamin ang pinakamabuting paraan o mga paran para mapangalagaan ang kaukulang kargamento (blocking, direct lashing, top-over lashing, o mga kombinasyon ng paraan).




- ✓ Alamin ang tamang dami at uri ng pambigkis at/o kadena upang lubos na mapangalagaan ang kargamento.




- ✓ Alamin ang tamang dami ng anti-slip mats at mga iba pang materyales na makakatulong sa pagpapatatag ng kargamento (mga paleta, edge protectors, atbp.) upang lubos na mapangalagaan ito.

Habang naglululan, nagaayos ng kargamento




- ✓ Maglulan ayon sa pinapahintulatang bigat ng sasakyan.



- ✓ Maglulan ayon sa pinahihintulatang axle-load distribution ng sasakyan.



- ✓ Akmang iayos ang kargamento (ang mga mabigat na yunit sa ilalim, ang mga magaan sa ibabaw).




- ✓ Maglulan ayon sa plano ng pagkasunud-sunod ng pagdiskarga o pagbaba ng kargamento.


While loading and securing the load



- ✓ Iwasan ang mga hindi kinakailangang puwang sa pagitan ng mga kargamento.



- ✓ Ikamada ang kargamento sa paraang pantay-pantay ang pagkakalatag ng bigat sa trak, hangga't maaari.




- ✓ Siguraduhing ang mga panali ay nakatuon sa tamang anggulo.



- ✓ Tiyaking ang mga kasangkapan at mga materyales na ginagamit sa seguridad ng kargamento ay nasa maayos na kundisyon at walang depekto.




- ✓ Tiyaking ang mga kasangkapan at mga materyales na ginagamit para sa seguridad ng kargamento ay merong tamang markings at ang mga ito ay malinaw na nababasa.



- ✓ Tiyaking ang mga kasangkapan at mga materyales na ginagamit para sa seguridad ng kargamento ay hindi makasisira sa kargamento at ang kargamento ay hindi makakasira sa mga ginagamit na kasangkapan at materyales.


Habang nasa biyahe



- ✓ Kung nararapat, tingnan-tingnan ang ayos ng kargamento.



- ✓ Kung nag-emergency brake o may iba pang nangyari na hindi normal habang nasa biyahe, pumarada sa pinakamalapit at ligtas na lugar at tingnan ang pagkakaayos ng kargamento.



- ✓ Tuwing nagbababa, naglalagay o naglilipat kargamento, tingnang muli ang ayos ng kargamento.



- ✓ Magmaneho ng swabe at alamin antimano ang sitwasyon sa trapiko upang maiwasan ang biglaang paglihig ng direksiyon o ang biglaang pagpreno.

Ang listahang ito ay ibinibigay sa inyo ng **IRU Academy**, ang sangay sa pagsasanay ng **International Road Transport Union (IRU)**.

Tingnan ang aming mga programa sa pagsasanay sa www.iru.org/academy